# Kanibal

ALJANE "AJ" BATERNA

Kanina pa niya pinagmamasdan
Ang naglalakihang hita ng
Babaeng naglalakad
Sa kanyang harapan.

Hindi niya mawari
Kung dumaraan lang
O nagpapakita
Ng kaniyang kalamnan.

Subalit hindi naman
Nakahubad ang babaeng utusan
Nakabalot naman ng
Damit na may mahabang manggas
Ang kanyang pang-itaas.

Pinaghahati ang katawan
Marami ang tumatawag
Sa kanyang pansin
Sa kaliwa'y may nanghihingi
Ng tubig panulak
Sa kanan nama'y
May tumutulong sarsa
Mula sa mesang
Pinagkainan ng mag-asawa

Tumutulo

Ang sarsa

Sa mesa

Tumutulo

Ang laway

Mula sa bibig niya

Nakadako ang tingin
Sa katabing mesa
Malagkit ang titig
Sa tumutulong sarsa
O baka
Sa dalagang maiksi ang saya

Naglalaro parati
Sa isipan niya
Kung ano ang lasa
Ng mga iyon
Kung ika-kaldereta
Masarap din kaya
Ang sarsa
Ng inosenteng tupa?

Nanigas ang nakatitig
Dahan-dahan ang pag-agos ng pawis
Sa mukha
Ng pinagmamasdang tupa
Habang nag-aagaw naman
Sa kanyang ilong
Ang amoy ng sarsa at dalaga

Sarsa at dalaga

Heh.

Hindi niya akalaing
Masasabi niya
Sa iisang pangungusap
Ang sarsa at dalaga

Nabulunan bigla
Sa hindi pa nalalasahang laman
Ang nagmamasid
Nilunok niya ang sariling laway
Nag-antanda
Wari'y naghahanda
Nang kumain
Nag-iisip kung
Ano'ng pwedeng gawing pain
Nais na niyang dambahan
Ang inaabangang usa
Sa likod ng talahiban
Tapakan ang leeg nito't
Gilitan sa lalamunan.

Nilapitan siya ng dalaga
Animo'y kusang
Inihahain ang sarili
Sa kanyang mesa
Wari'y nagising
Ang mabangis na lobo
Sa kanyang lungga
Habang nakahanda
Nang sumubo ang bunganga,
Bumaon sa laman
Ng walang kalaban-labang hapunan